

**PAUNAWA SA PROGRAMANG WELFARE-TO-WORK****Sabihin sa county kung kailangan mo ng tulong sa pagbabasa o pag-unawa ng paunawang ito.****ANO ANG MAITUTULONG SA IYO NG WELFARE-TO-WORK**

- Ang programang Welfare-to-Work ay maaaring magturo, magsanay at magpayo sa iyo upang tulungan kang makahanap ng trabaho.
- Ilan sa mga bagay na maaaring gawin ng Welfare-to-Work para sa iyo ay:
  - Tulungan kang makahanap ng trabaho.
  - Tulungan ka sa pang-edukasyon o pang-bokasyonal/on-the-job na pagsasanay at turuan ka ng pangunahing pagbabasa, math at Ingles.
  - Tulungan kang magkaroon ng karanasan sa trabaho.
  - Pagpapayo para sa iyo o sa iyong pamilya kung kinakailangan.
- Mayroong Welfare-to-Work 24-Month Time Clock (sa loob ng 48-buwang limitasyon sa oras).
- Marami kang pagpipiliang aktibidad na maaari mong lahukan sa panahon ng Welfare-to-Work 24-Month Time Clock.
- Sa pagtatapos ng panahon ng Welfare-to-Work 24-Month Time Clock, magkakaroon ka ng mas kaunting pagpipiliang aktibidad na lalahukan upang patuloy na makuha ang parehong halaga ng tulong na pera.
- Tutulungan ka ng Welfare-to-Work na ayusin at bayaran ang mga kinakailangang serbisyo sa suporta upang makalahok sa iyong mga aktibidad. Kasama nito ang pangangalaga sa bata, transportasyon, at iba pang mga gastos gaya ng mga espesyal na kagamitan o pananamit na kailangan mo upang makakuha ng trabaho. Maaari kang makakuha ng mga paunang pagbabayad kung hihilingin mo, para hindi mo na gamitin ang iyong tulong na pera upang bayaran ang mga kinakailangang serbisyo sa suporta.
- Sasabihin sa iyo ng Welfare-to-Work ang tungkol sa mga available na uri ng pangangalaga sa bata at kung saan makakahanap ng pangangalaga sa bata.

**KAILAN KA DAPAT NASA WELFARE-TO-WORK**

- Nasa Welfare-to-Work ka dapat kung nakakakuha ka ng tulong na pera sa ilalim ng programang California Work Opportunity and Responsibility to Kids (CalWORKs) at kasama ka (saklaw) sa paglahok.
- Hindi mo kailangang mapabilang sa Welfare-to-Work kung hindi ka kasama. Hindi ka kasama kung ikaw ay:
  - 16 na taong gulang pababa o 60 taong gulang pataas.
  - 16, 17 o 18 taong gulang at nasa high school o full time na nasa paaralang pang-nasa hustong gulang maliban na lang kung pumapasok ka bilang bahagi ng iyong Welfare-to-Work plan.
  - Ang hindi magulang na kamag-anak na tagapangalaga ng bata na isang dependent o ward of the court, o isang batang nanganganib mabilang sa foster care.
  - Hindi nakakapagtrabaho o nakakalahok nang regular, dahil sa problema sa pangangatawan o pag-iisip, sa isang aktibidad ng Welfare-to-Work sa loob ng hindi bababa sa 30 araw sa kalendaryo.
  - Isang magulang o tagapangalaga ng isang bata kasama lahat mula pagkapanganak hanggang ika-23 buwan. **Isang beses lang available ang pagbubukod na ito.**
  - Isang magulang o kamag-anak na tagapangalaga ng isang 6 na buwang bata o pababa (depende sa county, maaari itong tumaas hanggang 12 buwan). **Isang beses lang available ang pagbubukod na ito.**

**KAILAN KA DAPAT NASA WELFARE-TO-WORK (IPINAGPATULOY)**

- Isang magulang o kamag-anak na tagapangalaga ng isang bata na 12 linggo pa lang mula nang ipinanganak o pababa (depende sa county, maaari itong tumaas hanggang 6 na buwan). **Tanungin ang iyong worker kung gaano kabata dapat ang iyong anak upang maibukod.**
- Buntis at sinabi ng doktor na hindi ka maaaring magtrabaho o lumahok sa mga aktibidad ng Welfare-to-Work o tinutukoy ng county na hindi agad agad magkakatrabaho sa paglahok lang o hindi naaangkop ang isang aktibidad sa pagsasanay.
- Nananatili sa bahay upang alagaan ang isang tao sa bahay na hindi kayang alagaan ang kaniyang sarili. (Ang tao ay may sakit, kapansanan, atbp.) at hindi ka nakakapagtrabaho o nakakalahok sa Welfare-to-Work dahil dito.
- Kung isa kang buntis o magulang na tinedyer sa programang Cal-Learn, o kung nakakuha ka ng diploma sa high school o ang katumbas nito habang nasa programang Cal-Learn, maaaring hindi umangkop sa iyo ang ilang pagbubukod sa itaas. Makipag-ugnayan sa iyong worker sa pagiging kwalipikado o tagapamahala ng kaso ng Cal-Learn.
- Kung may tinutulungan ang dalawang magulang, at tinatapos ng isang magulang ang lahat ng kinakailangang oras, hindi kasama sa paglahok ang pangalawang magulang.
- Kung sa iyong palagay ay hindi ka dapat palahukin, dapat mong sabihin sa iyong worker upang bigyan ka ng form (CW 2186A) para gamitin sa paggawa ng kahilingang hindi maisama mula sa Welfare-to-Work. Sasabihan ka ng county kung hindi ka isasama sa Welfare-to-Work o kung kinakailangan mong lumahok. Kahit na hindi mo kailangang pumunta sa Welfare-to-Work, maaari mong hilinging lumahok at sasabihan ka kung maaari.
- Kung kasama ka sa Welfare-to-Work, kakailanganin mong pumunta sa Welfare-to-Work. Kung kinakailangan mong pumunta, makakakuha ka ng paunawa na nagsasabi sa iyo kung kailan ang iyong unang appointment.

**KUNG HINDI MO GAGAWIN KUNG ANO ANG KINAKAILANGAN NG WELFARE-TO-WORK**

- Kung kinakailangan ka sa Welfare-to-Work:
  - Magkakaroon ka ng pagkakataong sabihin kung bakit hindi mo ginawa ang kinakailangan mong gawin.
  - Kung wala kang makatwirang dahilan, at hindi mo gagawin ang kinakailangan ng Welfare-to-Work upang ayusin ang problema, babaan ang iyong tulong na pera.
- Kung hindi ka kinakailangan sa Welfare-to-Work, ngunit nag-volunteer kang gawin ang mga aktibidad ng Welfare-to-Work:
  - Magkakaroon ka ng pagkakataong sabihin kung bakit hindi mo ginawa ang iniutos.
  - Kung nag-volunteer kang gawin ang mga aktibidad ng Welfare-to-Work ngunit hindi ka lumahok, nang walang mabuting layunin, at hindi ka handang gawin kung ano ang kinakailangan ng Welfare-to-Work upang ayusin ang problema, **hindi babawasan** ang iyong tulong na pera, ngunit maaaring hindi ka na makapag-volunteer agad sa Welfare-to-Work.

Kung makakuha ka ng trabaho at umalis sa tulong, maaaring ipagpatuloy ng county na bayaran ang mga kinakailangang serbisyo sa suporta hanggang sa unang 12 buwan pagkatapos mong masimulan ang isang trabaho kung kailangan mo ang mga serbisyo upang manatili ka sa iyong trabaho at hindi mo makuha ang mga gastos sa kinakailangang serbisyo sa suporta sa iba. Maaari ka ring makakuha ng hanggang dalawang taon ng mga serbisyo sa pangangalaga ng bata pagkatapos umalis sa tulong. Maaari ka ring makakuha ng transitional Medi-Cal sa loob ng 12 buwan.

May karapatan kang humiling anumang oras ng mga serbisyo tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, o iba pang mga serbisyo ipinagkaloob ng Welfare-to-Work. Maaari kang humiling sa iyong worker sa pamamagitan ng telepono o nang personal, o maaari kang magliham.

May karapatan kang humiling ng isang pagdinig ng estado kung hindi ka sang-ayon sa anuman sa mga pasya ng county tungkol sa paglahok sa Welfare-to-Work.